REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Hunyo 14, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 257, s. 1997

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PANANALIKSIK AT PAGSASALING-WIKA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Chairman, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon
Director-General, TESDA

1. Ang Panrehiyong Surian ng Developmental Filipino ng Rehiyon V sa Camarines Sur State Agricultural College, Pili, Camarines Sur, Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino ng Rehiyon VII sa Cebu State College, Lungsod ng Cebu at Rehiyon VIII sa Leyte Institute of Technology, Lungsod ng Tacloban, sa patnubay ng Komisyon sa Wikang Filipino at sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports at ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Seminar - Worksyap sa Pananaliksik at Pagsasaling-wika alinsunod sa sumusunod na lugar at petsa:

PSWF-LIT - Agosto 21-23 sa Leyte Institute of Technology, Lungsod ng Tacloban

PSDF-CSSAC - Agosto 27-29 sa CSSAC, Pili Camarines Sur

PSWF-CSC - Setyembre 18-20 sa Cebu State College, Lungsod ng Cebu

2. Ang pangkalahatang paksa ng pambansang seminar-worksyap ay "Ang Pananaliksik at Pagsasaling-wika sa Pagpapaunlad ng Antas ng Kamalayan sa Wikang Filipino".

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahang:

a. magkakaroon ng mga kaalaman sa mga teorya at pamamaraan ng pananaliksik at pagsasalin ang mga kalahok;

b. magkakaroon ng kakayahan sa pananaliksik at pagsasalin sa wikang Filipino;

c. makapaghahanda ng mungkahing proyekto sa pananaliksik; at

d. makapagsasalin ng mga piling panrehiyong literatura.

4. Ang dapat dumalo sa seminar-worksyap na ito ay ang mga panrehiyong pansangay/pandistrito na superbisor sa Filipino at iba pang asignatura na ang ginagamit na midyum sa pagtuturo ay Filipino, puno/tagapag-ugnay/sa Filipino ng mga Kagawaran sa Filipino at mga piling guro sa paaralang elementarya at sekundarya, pribado o pampamahalaan man. Ang mga gurong may klase ay pinahihintulutang dumalo sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras.

5. Mangyaring magpadala ng reserbasyon bago dumating ang petsa ng seminar-worksyap sa mga kinauukulang direktor ng mga sentro upang mabilang ang ihahandang seminar-kit.

| | | |
|---|---|---|
| Dr. Lourdes Asiado | Dr. Irma Ugot | Prof. Conchita Costibolo |
| Director | Direktor | Puno |
| PSDF-CSSAC, Pili | PSWF-R. VII | PSWF-R. VIII |
| Camarines Sur | CSC, Lungsod ng Cebu | LIT, Lungsod ng Tacloban |

6. Hinihiling na ang bawat kinatawan ay magdala ng halimbawa ng pananaliksik-wika at piling literatura at leksiyon ng rehiyon na kinaroroonan ng paaralan, kolehiyo o unibersidad.

7. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit ang ibabayad na butaw ng bawat kinatawan (6 miryenda, 3 tanghalian, seminar-kit at iba pang gastos kaugnay ng seminar-worksyap). Manggagaling pa rin sa pondong lokal ang halagang magugugol sa transportasyon papunta sa lugar ng seminar at pabalik sa sariling tanggapan/paaralan/kolehiyo o unibersidad. Nasa ibaba ang kaukulang butaw sa seminar-worksyap:

PSDF-CSSAC - isang libong piso (₱1,000.00)
PSWF-CSC - isang libong piso (₱1,000.00)
PSWF-LIT - walong daang piso (₱ 800.00

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANTONIO E.B. NACHURA
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
OFFICIALS
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS